


BIBLE

# Study

Salmo 119:97-104,145-152

September 03-09

Pagtuklas Pag-Unawa Pagtugon




MAHALAGANG  
Prinsipyo sa Buhay



Pagtuklas



Pag-Unawa



Pagtugon



# Salmo 119:97-104,145-152

New International Version (NIV)


**(Mem)**

97 O ang iyong mga utos ay tunay kong iniibig,  
araw-araw, sa maghapon ay siya kong iniisip.

98 Kasama ko sa tuwina'y yaong iyong kautusan,  
kaya ako'y dumurunong nang higit pa sa kaaway.


99 Sa lahat kong mga guro, ang unawa ko ay higit,  
pagkat ang aral mo't turo ang laman ng aking isip.

100 Ang taglay kong karunungan'y higit pa sa matatanda,  
pagkat ang iyong mga utos ay hindi ko sinisira.



# Salmo 119:97-104,145-152

New International Version (NIV)



101 Di ko gustong matutuhan ang ugaling masasama,  
ang hangad ko na masunod ay ang iyong sinalita.

102 Hindi ako nagpabaya sa utos mo at tuntunin,  
pagkat ikaw ang guro ko na nagturo ng aralin.

103 O kay tamis na namnamin ang utos mong ibinigay,  
matamis pa kaysa pulot lasa nitong tinataglay.

104 Sa bigay mong mga utos, natamo ko'y karunungan,  
kaya ako'y namumuhi sa ugaling mahahalay.

# Salmo 119:97-104,145-152

New International Version (NIV)



(Qof)

145 Buong pusong tumatawag itong iyong abang lingkod;  
ako'y iyong dinggin, Yahweh, at susundin ko ang utos.

146 Tumatawag ako, Yahweh, sa iyo ay dumaraing,  
iligtas mo ako ngayon nang ang utos mo ay sundin.

147 Madilim pa, ang lingkod mo ay gising na't tumatawag,  
sa pangako mong iniwan, pag-asa ko'y nakalagak.

148 Hindi ako makatulog, magdamag na laging gising,  
at ang aking binubulay ay ang bigay mong aralin.

# Salmo 119:97-104,145-152

New International Version (NIV)



149 Ako'y dinggin mo, O Yahweh, ayon sa iyong pag-ibig, iligtas mo ang buhay ko yamang ikaw ay matuwid.

150 Palapit na nang palapit ang sa aki'y umuusig, mga taong walang galang sa utos mong sakdal tuwid.

151 Ngunit ikaw, O Yahweh, ay malapit sa piling ko, ang pangakong binitiwang mo sa akin ay totoo.

152 Iyang mga tuntunin mo'y matagal nang aking talos, ang utos na ginawa mo'y walang hanggang mga utos.

“Mamahalin ko ang salita ng Diyos sa pamamagitan ng araw-araw at patuloy na paggugol ng oras sa Kanya, sa pagninilay at panalangin.”

MAHALAGANG  
Prinsipyo sa Buhay





# Pagtuklas **1**

Salmo 119:97-104,145-152

Paano tinukoy ng salmista ang  
salita ng Diyos?





# Pagtuklas 2

Salmo 119:97-104,145-152

Paano ginamit at tumugon ang salmista sa salita ng Diyos?



# Pagtuklas 3

Salmo 119:97-104,145-152

Ano ang mga bunga ng salita ng  
Diyos sa salmista?



# Pagtuklas 4

Salmo 119:97-104,145-152

Sa vs. 145-147, ano ang ipinagdarasal ng salmista at paano siya nanalangin?



# Pag-Unawa 1

Salmo 119:97-104,145-152

Ipinahayag ng salmista ang kaniyang pag-ibig sa salita ng Diyos, anupat itinuturing itong "matamis sa kaniyang panlasa." Bukod sa mga pakinabang na binanggit sa talata, ano sa palagay mo ang kahalagahan ng pagiging lubog sa salita ng Diyos at sa panalangin?



# Pag-Unawa 1

Salmo 119:97-104,145-152

Ipinahayag ng salmista ang kaniyang pag-ibig sa salita ng Diyos, anupat itinuturing itong "matamis sa kaniyang panlasa." Bukod sa mga pakinabang na binanggit sa talata, ano sa palagay mo ang kahalagahan ng pagiging lubog sa salita ng Diyos at sa panalangin?



# Pag-Unawa 2

Salmo 119:97-104,145-152

Sa vv. 98-100, iminumungkahi ng Salmista na nakakuha siya ng karunungan at pang-unawa mula sa mga utos ng Diyos. Paano humahantong sa higit na karunungan ang pagbubulay-bulay sa mga utos ng Diyos?



# Pag-Unawa 3

Salmo 119:97-104,145-152

Sa vv.102-103, ipinahayag ng Salmista na siya ay umiiwas sa kasamaan at napopoot sa kasinungalingan. Paano naimpluwensyahan ng malalim na pagkaunawa sa Salita ng Diyos ang ating pagkaunawa sa pagitan ng tama at mali?




# Pag-Unawa 4

Salmo 119:97-104,145-152

Ang panalangin ng salmista sa mga bersikulo 145-152 ay nagpapahayag ng pagtitiwala sa tugon ng Diyos sa kanyang mga pangako (v. 152, 147, 152), at dapat din nating gawin ang gayon. Paano tayo magiging kumpiyansa? Ano ang dapat na batayan ng ating pagtitiwala?






# Pagtugon 1

Salmo 119:97-104,145-152


Paano mo lilinangin ang isang malalim na pagmamahal at paggalang sa salita ng Diyos? Sadya mo bang pinaguukulan ng oras ang Panginoon? Ano ang ibig sabihin sa iyo ng pagbubulay-bulay sa salita ng Diyos?



# Pagtugon 2

Salmo 119:97-104,145-152

Ang panalangin ay nagsasalarawan ng iyong lapit sa Diyos. Magbahagi ng ilang halimbawa kung paano mo pinalalalim ang iyong buhay panalangin. Paano mo pa malilinig ang isang ugali ng pakikipag-usap sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin?



# Pagtugon 3

Salmo 119:97-104,145-152

Ilista ang tatlong pangunahing hadlang na pumipigil sa iyo na magkaroon ng patuloy at regular na oras sa Diyos. Humanap ng kapareha at humingi ng tulong para sa mga mungkahi kung paano mo mapagtatagumpayan at malalampasan ang gayong mga hadlang.

“Mamahalin ko ang salita ng Diyos sa pamamagitan ng araw-araw at patuloy na paggugol ng oras sa Kanya, sa pagninilay at panalangin.”

MAHALAGANG  
Prinsipyo sa Buhay




MAHALAGANG  
Prinsipyo sa Buhay



Pagtuklas



Pag-Unawa



Pagtugon



Small Group Sessions  
**CLOSING PRAYER**




BIBLE

# Study

Salmo 119:97-104,145-152

SEE YOU NEXT WEEK!

Pagtuklas Pag-Unawa Pagtugon





# KBCF

#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines

Worship Service Schedule: 9am

Livestream: Facebook and YouTube



[kbcf.org.ph](http://kbcf.org.ph)



[KBCFofficial](#)



[KBCFamily](#)



[kbcf.office@gmail.com](mailto:kbcf.office@gmail.com)



0917-886-6650



8927-7420 | 8928-6584